KAPASYHAN BLG. 116
KAUTUSAN BLG. 24

1992

KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG MAY ARI NG MGA HAYOP NA HUWAG ITALI NG MALAPITAN SA MGA PUNO NA ITINANIM NOONG TREE PLANTING SA NATIONAL HIGHWAY UPANG HINDI MAKA PINSALA AT PAGPAPATAWAW NG MULTA AT PARUSA SA PAGLABAG NITO

SAPAGKAT, napag-alaman ng Sangguniang Bayan na marami sa mga itinanim na mga puno noong " Tree Planting Day " sa nasasakupan ng Barangay Nasucob, ay pinuksa na nang mga hayop;

SAPAGKAT, kung magpapatuloy ang paninira ng hayop sa itinanim na mga puno masasaya lang ang pagod at perang ibinili ng mga punla ng Pamahalaan;

SAPAGKAT, upang mahadlangan ang paninira ng mga hayop sa nasabing mga pananim, ang Sangguniang Bayan ay nag-aatas ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. Mahigpit na inaatasan ang lahat ng mga may hayop katulad ng Kalabaw, Baka, Kambing, at Baboy na huwag itali nang malapitan o sa puno mismo ng mga itinanim na mga puno noong " Tree Planting " sa National Highway upang hindi makapinsala sa nasabing mga pananim;

SEKSYON 2. Inaatasan din ang mga hayop na ligaw na itali o di kaya'y kulungin ang mga ito upang maiwasan ang paninira sa nabanggit na mga puno;

SEKSYON 3. Ang sinumang lumabag ng Kautusang ito ay magmumulta ng halagang limang daang piso (₱500.00) pataas, subalit hindi hihigit sa dalawang libo at limang daang piso (₱2,500.00) at mamimilanggo ng isang buwan hanggang anim (6) na buwan o alin man sa pagmumulta at pamimilanggo sang-ayon sa pasya ng Hukuman;

SEKSTON 4. Kautusan o mga Kautusan ng Bayan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 5. Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa 10 araw matapos mailathala para sa kaalaman ng Sambayanan;

PINAGPASYAHAN PA, naang Kautusang ito ipadala sa Sangguniang Panlalawigan Calapan, Silangang Mindoro upang pagtibayin at sa Kapitan ng Barangay ng Nasucob, para sa kanilang kaalaman at implementasyon.

PINAGTIBAY NG LAHAT:

PINATUTUHANAN KO ang kawastuhan ng Kautusang ito;

SIXTO O. BARRIENTOS
Kalihim ng Bayan